Trangkasong Abyan (bird flu)

Ang panganib na makarating ang trangkasong pang-ibon sa ating bansa ay maliit, ngunit, mahalagang nananatiling nagmamasid sa mga tanda ng sakit, lalo na ang poltri at mga may-ari ng ibon.

Ano ang trangkasong abyan?

Ang trangkasong abyan ay isang sakit ng ibon na madaling makahawa. Ang sakit ay nararanasan sa buong mundo.

Anong mga ibon ang madaling mahawahan?

Ang lahat ng uri ng ibon ay hinihinalang madaling mahawahan, kasama sa mga ulat na nagpapakita nito sa mahigit sa 140 uri ng ibon.

Marami sa mga uri ng mga ligaw na ibon at mga labuyo sa tubig (lalo na ang mga gansa, itik at sisne) ay may dala ng bayrus ngunit karaniwang hindi nakikitaan ng tanda ng sakit. Ngunit, maaari nilang mahawahan ang ibang ibon at poltri na kanilang nalapitan.

Ano ang hahanapin

Ang mga tanda ng trangkasong pang-ibon ay magkakaiba at depende sa maraming bagay kasama na ang bagsik ng sakit, uri at edad ng ibon, kasalukuyang sakit at kapaligiran.

Ang problema ng trangkasong abyan ay nakikita ito na kamukha ng ibang mga sakit.

Ang dagliang pagkamatay ng mga ibon ay ang pinakamaliwanag na tanda ng sakit.

Kasama sa iba pang karaniwang tanda na dapat hanapin: magulong balahibo; kakaibang pustura ng ulo at leeg; hindi makatayo o makalakad; napipilitang kumilos, kumain o uminom; nanlulupaypay o nanlalambot; nahihirapang huminga; nagtatae, namamaga ang ulo, lambi o palong o humina ang pangingitlog.

Paano kumakalat ang sakit ng ibon

Ang sakit ay kumakalat sa pamamagitan ng paglilipat ng mga buhay na ibon, pagkakadikit ng hayop, kagat at mga kamot.

ANG hangin, tae ng ibon, damit, sapin sa paa, balat, uhog, tulugan ng hayop, lalagyan ng pagkain at tubig, kulungan, sasakyan at ibang kagamitan ay makapagdadala at magkakalat ng sakit.

Ang nahawahang karne at mga itlog ay nagkakalat din ng sakit.

Ang ligaw na mga ibon at pesteng hayop ay maaaring magdala ng mga sakit at panganib. Ang naggagalang mga ibon at hayop na nakikisalamuha sa mga ibong inaalagan at poltri ay maaaring mabilis na magkalat ng sakit.

Ang trangkasong abyan ay maaaring manatiling buhay sa tae, tubig at patay na hayop ng maraming araw, o linggo man, depende sa temperatura.

Ligtas na kainin ang nilutong mga itlog, karne at produkto ng poltri. Ang pagyeyelo ng nahawahang poltri ay hindi nakamamatay sa sakit.

Ang pinakamahalagang bagay

- Ang trangkasong abyan at ang malaganap na trangkaso ng tao ay magkakaibang bayrus.
- Ang trangkasong abyan ay hindi kaagad nagdudulot ng sakit sa tao. Maliit ang panganib ng mga Australyano na mahawahan sa ordinaryong pagkakadikit sa mga ibon.
- May malayong posibilidad na ang malawakang trangkaso ng tao sa Australya ay dulot ng mga padayu-dayong mga ibon na may dalang trangkasong abyan.
- Maliit lamang ang panganib ng mga ibong inaalagaan at nakakulong at mga ibon sa bakuran kung ang mga simpleng gawain tulad ng pagpigil sa kanilang makihalo sa mga ligaw na ibon at pagiging-ligtas ng kanilang mga pagkain at tubig ay tatandaan.
- Ang Australya ay nakahandang harapin ang anumang paglitaw ng trangkasong abyan.

- Ang Australya ay may programa ng pagsusubaybay upang malaman ang pagpasok ng trangkasong abyan.
- Ang patuloy na pagsusubaybay ay nagpapakita na ang malalang dugong H5N1 na nagdudulot ng sakit na trangkasong abyan ay wala pa sa Australya.
- Sa isang pagkukunwang pagsasanay noong 2005 naihanda ang Australya na tumugon sa panahon ng pagkakaroon ng trangkasong abyan.
- Ang pagkatakot at pagkalito ng mga tao sa trangkasong abyan at sa malawakang trangkasong pantao ay maaaring makasira sa industriya ng poltri.
- Ligtas na kumain ng wastong nilutong mga itlog, karne at mga produkto ng poltri.

Kalusugan ng tao

Sa pangkalahatan, ang mga tao ay hindi maaapektuhan, ngunit ang dugong H5N1 ay maaaring makaapekto sa taong nakadikit sa mga apektadong ibon. Ang impeksiyon ay nakukuha ng tao sa pamamagitan lamang ng paghawak sa mga apektadong ibon o pagkakadikit nila sa mga tae nito.

Ang tao ay **hindi** maapektuhan sa pamamagitan ng pagkain ng wastong nilutong karne at itlog ng poltri. Lubos na paghuhugas ng kamay matapos na makadikit sa hilaw na mga produkto ay kailangang palaging gagawin.

Ang impormasyong pangkalusugang pampubliko tungkol sa trangkasong abyan ay makukuha sa website ng Kagawaran ng Kalusugan at Pagtanda ng pamahalaan ng Australya sa: www.health.gov.au o sa pamamagitan ng libreng pagtawag sa **1800 004 599** sa oras na may pasok sa trabaho**.**

Ano ang ginagawa ng Australya tungkol sa bird flu (trangkasong pang-ibon)?

Ang Australya ay lubos na nakahanda sa pagdating ng trangkasong abyan. May mga planong ginawa at sinubukan upang sumagot sa emerhensiya ng sakit ng hayop. Ang Australya ay may isang planong beterenaryong pangemerhensiya (AUSVETPLAN) at mga sinubukang pambansang kaaayusan, kasama na ang paggamit sa mga mahuhusay na kagamitan ng mundo sa pagdayagnos ng sakit.

Sinubukan ng *Ang Exercise Eleusis*, isang pagkukunwaring pagsasanay noong 2005, ang kakayahan ng gobyerno at industriya na pamahalaan ang paglitaw ng trangkasong abyan sa bansa. Sa pagsasanay nabigyan ang industriya at pamahalaan ng pagkakataon na gumawa ng mga pagbabago sa kanilang mga plano at paghahanda.

Matagumpay na inalis ng Australya ang limang malawakang paglitaw ng matinding trangkasong abyan na ang pinakahuli ay noong 1997. Ang mga paglitaw ng trangkasong abyan ay hindi dahil sa dugong H5N1 na siyang pinagtutuunan ng pansin sa kasalukuyan.

Ang mga ahensiya ng Estado at Teritoryo, mga samahan ng industriya ng poltri, beterenaryo, nag-aalaga ng mga hayop-gubat, may-ari ng mga ibon, ang libangang pamamaril, kasama na ang mga natatanging grupo ay patuloy na binibigyan ng impormasyon tungkol sa sakit at hinihilingan na patuloy na magmasid at iulat ang anumang tanda ng sakit. Ang mga prodyuser ng mga poltring pangkomersiyo ay mayroong mga matitinding patakarang biyoseguridad (na mapangalagaan ang ekonomiya, kapaligiran at kalusugan ng tao laban sa mga peste at sakit na nakukuha) upang maiwasan ang paglapit ng mga ligaw na ibon sa kanilang poltri.

Pagkontrol ng mga hangganan

Masusing minamatyagan ng Pamahalaan ng Australya ang mga paglitaw sa mundo ng trangkasong abyan. Ang mga pinuno ng Serbisyo ng Kuwarentena at Pagsisiyasat (AQIS) sa mga erport at mga sentro ng mga koreong internasyonal ay palaging nakamasid sa mga produkto ng ibon at poltri.

Ang mga produkto ng ibon, karne at produktong poltri (kasama ang mga itlog, produkto ng itlog, balahibo at bakuna) ay maaaring magdala ng mga sakit kasama ang trangkasong abyan at maaring maipasok lamang sa pamamagitan ng isang Permiso sa Pag-aangkat na nakuha sa AQIS bago

dumating ang mga inangkat. Ang anumang bagay na walang permiso ay kukunin at sisirain ng AQIS.

Ang lahat ng pumapasok na koreo mula sa ibang bansa ay ipinaiilalim din sa pagsisiyasat na pangkuwarentena. Ang mga pumapasok na bagahe ng mga pasahero mula sa ibang bansa ay idinadaan muna sa eksrey, sinisiyasat o tinitingnan sa pamamagitan ng mga asong detektor para sa mga bagay na mapanganib sa kuwarentena.

Ang Northern Australian Quarantine Strategy at mga maykapangyarihan ng estado at teritoryo ay nagpapalakad ng mga programa sa pagsusubaybay at pangkabatiran ng publiko.

Para sa dagdag na detalyeng pang-impormasyon

Kagawaran ng Pagsasaka, Agrikultura, Pangisdaan at Kagubatan: **www.daff.gov.au/birdflu**

Emerhensiya sa Paglitaw ng Peste at Sakit (Hayupan at Halaman): **www.outbreak.gov.au**

Serbisyo sa Kuwarentena at Pagsisiyasat ng Australya: **www.aqis.gov.au**

Kalusugang Panghayop ng Australya: **www.animalhealthaustralia.com.au**

Kagawaran ng Kalusugan at Pagtanda: **www.health.gov.au**